Buhay Pagkatapos ng High School:

Paglipat sa Kolehiyo para sa mga Estudyanteng may Kapansanang Pangkaunlad

SUPPORT FOR FAMILIES
EDUCATION • EMPOWERMENT • EQUITY

Family Resource Navigators

California State Council Developmental Disabili

Mga Layunin sa Pagkatuto

- Suriin ang mga kinakailangang bahagi ng Transition Planning at Services sa ilalim ng batas ng estado at pederal (hal., IDEA 2004).
- Unawain ang mga opsyon sa paggawa ng desisyon ng matatanda (kabilang ang suportadong paggawa ng desisyon) at paglipat.
- Alamin ang mga opsyon sa buhay — sa edukasyon ng nasa hustong gulang, independiyenteng pamumuhay, at mga programang pantulong sa trabaho — upang matagpuan mo ang mga ito sa iyong lugar.

◦ COPAA 2023 Lahat ng Karapatan ay Nakalaan

Sa pagtatatag ng batas na namamahala sa espesyal na edukasyon, idineklara ng Kongreso ng U.S.,

Ang kapansanan ay isang likas na bahagi ng karanasan ng tao at hindi kailanman nagpapabawas sa karapatan ng mga indibidwal na makibahagi o mag-ambag sa lipunan. Ang pagpapabuti ng mga resulta ng edukasyon para sa mga batang may kapansanan ay isang mahalagang bahagi ng ating pambansang patakaran upang matiyak ang pagkakapantay-pantay ng oportunidad, ganap na pakikilahok, independiyenteng pamumuhay, at ekonomikong kasarinlan para sa mga indibidwal na may kapansanan.

Karagdagang Edukasyon

Trabaho

Independiyenteng Pamumuhay

Ang Layunin ng IDEA

34 CFR 300.1(a)

Layunin ng Transition Planning (Seksyon 300.42 (a))

- Ang mga serbisyong transition ay tumutukoy sa isang magkakaugnay na hanay ng mga gawain para sa isang kabataang may kapansanan na—
- (1) Idinisenyo bilang bahagi ng isang prosesong nakatuon sa mga resulta, na layong mapabuti ang akademiko at pamantayang tagumpay ng batang may kapansanan upang mapadali ang kanyang paglipat mula sa paaralan tungo sa mga gawaing pagkatapos ng paaralan, kabilang ang postsecondary na edukasyon, bokasyonal na edukasyon, pinagsamang trabaho (kabilang ang suportadong trabaho), patuloy at pang-adultong edukasyon, mga serbisyong pang-adulto, independiyenteng pamumuhay, o pakikilahok sa komunidad.

Layunin ng Transition Planning
(Seksyon 300.42 (a))

- Ang mga serbisyong transition ay tumutukoy sa isang magkakaugnay na hanay ng mga gawain para sa isang kabataang may kapansanan na ....
- (2) Nakabatay sa mga pangangailangan ng indibidwal na bata, isinasaalang-alang ang kanyang mga lakas, kagustuhan, at interes; at kinabibilangan ng—
- (i) Instruksyon
- (ii) Kaugnay na mga serbisyo
- (iii) Mga karanasan sa komunidad
- (iv) Paglinang ng trabaho at iba pang layunin sa pamumuhay ng adulto pagkatapos ng paaralan
- (v) Kung angkop, pagkatuto ng mga kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay at pagbibigay ng isang bokasyonal na pagsusuring nakabatay sa pagganap

TRANSITION TRACK RECORD ay nakakadismaya (pagkatapos umalis ng estudyante sa pampublikong sistema)

- Ang rate ng pag-enroll sa kolehiyo para sa mga kabataang may edad 18–24 na may kapansanan sa U.S. ay 27.5 porsyento, kumpara sa pambansang average na 43.3 porsyento para sa mga kabataang walang kapansanan (2022 Youth Transition Report).

- Iniulat ng CDC noong 2024 na 1 sa bawat 4 na taong may kapansanan ay walang regular na tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan.

- Ayon sa U.S. Department of Labor, 37.1% ng mga taong may kapansanan na may edad 16–64 ay may trabaho. Ito ang pinakamataas na bilang mula nang simulan ang pagkolekta ng datos noong 2008. Ayon sa U.S. Census, ang mga indibidwal na may kapansanan ay kumita ng median na $28,438 noong 2021, kumpara sa $40,948 ng mga walang kapansanan.

TRANSITION TRACK RECORD ay nakakadismaya (pagkatapos umalis ng estudyante sa pampublikong sistema)

Natuklasan ng isang pambansang pag-aaral na limitado ang mga pagpipilian sa pabahay para sa mga taong may kapansanang pangkaunlad, na madalas ay may kaunting boses sa kung saan sila maaaring manirahan kapag umalis sila sa tahanan. Iniulat ng Disability Scoop noong 2020 na humigit-kumulang 75 porsyento ng mga adultong may kapansanang pangkaunlad ay nakatira kasama ang tumatandang magulang o tagapag-alaga, at karamihan ay hindi gumagamit ng pampublikong suporta o serbisyo.

Higit sa kalahati ng mga pamilya ang nag-ulat na wala silang plano para sa hinaharap.

Ang pagpaplano at paghahanda para sa transition sa proseso ng Individualized Education Program (IEP) ay mahalaga upang makamit ang positibong resulta.

Mabilis na Pagsusuri ng mga Kinakailangan ng IDEA 2004

Ang mga serbisyong transition at pagpaplano ay dapat maging bahagi ng proseso ng IEP simula sa pagpasok ng isang bata sa high school (o mas maaga), at dapat may nakahandang transition plan at mga serbisyo pagsapit ng kabataan sa edad na 16 sa CA.

Binibigyang-diin ng IDEA na ang mga ahensya ng edukasyon ay tutulong sa mga estudyante sa epektibong paglipat mula sa paaralan tungo sa mga opsyon pagkatapos ng sekondarya.

Ang transition plan ay may dalawang mahahalagang bahagi: nasusukat na mga layunin pagkatapos ng sekondarya at mga serbisyong transition at gawain upang suportahan ang mga layuning iyon.

Mga Layunin sa Transition

Tulad ng taunang layunin sa IEP, ang mga layunin sa transition ay dapat nakasulat nang malinaw na may inaasahang resulta.

Dapat din silang masukat. Sa madaling salita, dapat matukoy kung natupad ang mga layunin.

Ang mga layunin sa transition ay dapat nakatuon sa kung ano ang magaganap pagkatapos ng high school.

Ang mga layunin ay dapat nakabatay sa mga pagtatasa

- Tinutukoy ng mga transition inventory ang mga lakas at pangangailangan sa iba't ibang larangan, tulad ng independiyenteng pamumuhay at kahandaan sa trabaho.

- Maaaring kabilang dito ang mga paraan tulad ng direktang obserbasyon, panayam, inventory ng interes, on-the-job training at pagsusuri, at inventory ng mga kagustuhan. Maaari rin itong kabilang ang pormal na paraan tulad ng mga pagsusulit sa akademikong tagumpay.

- Bagaman ang pagpaplano para sa hinaharap ay mahalagang bahagi ng buhay ng karamihan sa mga bata, hindi ito dapat ipagwalang-bahala para sa mga estudyanteng may IEP.

Mga Baseline at Layunin

- Ang mga baseline ay dapat nakabatay sa mga pagtatasa na may kaugnayan sa pagsasanay, edukasyon, trabaho, at, kung angkop, mga kasanayan sa independiyenteng pamumuhay.

- Ang mga Transition Plan ay dapat kabilang ang mga baseline at nasusukat na mga layunin at isang pahayag ng kinakailangang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo at karagdagang tulong at serbisyo (batay sa peer-reviewed na pananaliksik hangga't maaari) na ibibigay sa bata.

Ang Transition ay HINDI lamang paaralan o pamilya

- Hindi tulad sa IEP, kung saan ang mga serbisyo at suporta ay ibinibigay ng distrito ng paaralan, ang mga gawain sa transition ay maaaring responsibilidad ng iba pang mga ahensya. Sa ganitong mga kaso, ang papel ng paaralan ay upang pasimulan ang kanilang pakikilahok at tumulong sa pag-coordinate ng mga serbisyo.

- Ang pinansyal na responsibilidad para matugunan ang mga layunin sa transition ng isang estudyante ay hindi lamang para sa sistema ng edukasyon kundi pati na rin sa mga ahensya na kinakasangkutan ng IEP team sa pagtupad ng mga layunin sa transition na itinakda sa IEP.

Mga Serbisyo at Gawain sa Transisyon

- Batay sa mga indibiduwal na interes, pangangailangan, at lakas ng mag-aaral.
- Nagpapadali sa paglipat tungo sa mga gawain pagkatapos ng paaralan.
- Dinisenyo upang isama ang pagtuturo, kaugnay na mga serbisyo, karanasan sa komunidad, at kung naaangkop, mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Nakatuon sa mga resulta at dinisenyo upang mapabuti ang akademiko at pang-functional na tagumpay ng mag-aaral.

Ang mga plano sa transisyon ay nagbibigay ng balangkas (tungkol sa hinaharap na edukasyon, karera/bokasyon, at malayang [o magkatuwang] pamumuhay) kung saan umaangkop ang taunang mga layunin ng IEP at tumutulong sa pagsulong.

- Halimbawa, para sa mga mag-aaral na nagnanais mag-aral sa kolehiyo, maaaring ituon ang mga layunin ng IEP sa mga kasanayan sa pag-aaral, mga kinakailangang asignatura, o mga rekisito para sa pagtatapos.
- Para sa mga mag-aaral na nais magkaroon ng trabaho bilang mas agarang layunin, maaaring ituon ang mga layunin ng IEP sa kanilang kahandaan sa trabaho o mga kasanayang bokasyonal.

Ang mga plano sa transisyon ay dapat nakahanda at handa nang ipatupad sa ika-16 na kaarawan ng mag-aaral.

- Inaatasan ang paaralan na imbitahan ang isang mag-aaral na may kapansanan, anuman ang edad, na dumalo sa pagpupulong ng IEP kung ang layunin nito ay ang pagsasaalang-alang sa mga serbisyong transition.
- Maaaring kabilang dito ang pagtalakay sa kung ano ang nais ng mag-aaral para sa kanyang kinabukasan, kung anong mga pangangailangan o hamon ang nakikitang sagabal sa pag-abot ng kanyang mga layunin, at kung anong mga akomodasyon at suporta ang makatutulong sa kanyang pagsisikap.
- Dapat ipaalam sa mga magulang na ang layunin ng pagpupulong ng IEP ay bumuo ng pahayag ng mga pangangailangan sa serbisyong transition ng kanilang anak at kung sino ang iimbitahan na dumalo (dahil ang mga distrito ay dapat ding mag-imbita ng ibang ahensya tulad ng regional center at vocational rehabilitation).

Binibigyang-diin ng IDEA ang kahalagahan ng sariling pagpapasya ng mag-aaral sa panahon ng transition—bagaman para sa marami, maaaring mas mahalaga ang pagkakaugnayan kaysa sa ganap na kalayaan.

Mahalagang tandaan na sa edad ng hustong gulang (18), ang mga karapatan sa paggawa ng desisyon tungkol sa edukasyon ay naibabalik sa mag-aaral (maliban kung ang mag-aaral ay nasa ilalim ng conservatorship—isang kalagayan kung saan inaalis ng hukuman ang karapatan ng isang tao sa paggawa ng sariling desisyon).

Mga Pagpipilian sa Paggawa ng Desisyon

- Ngunit maaaring magpatuloy ang mga mag-aaral na tumanggap ng suporta mula sa mga magulang o kaibigan sa proseso ng IEP/espesyal na edukasyon. Mayroong isang napakasimpleng form (i-click ang QR code upang makuha ito) na maaaring lagdaan ng kabataan upang bigyang kapangyarihan ang kanilang mga magulang na ipagpatuloy ang paggawa ng mga desisyon (o magsalita para sa mag-aaral) – hindi na kailangan ng conservatorship.
- Ang pagkakaiba sa pagitan ng kasunduang ito at ng conservatorship ay maaaring baguhin ng mag-aaral ang kanyang isip anumang oras tungkol sa paglahok ng kanilang mga magulang, dahil nananatili sa kanila ang mga karapatang gumawa ng desisyon.

Pagsuporta sa Partisipasyon ng Mag-aaral

- Maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng suportadong paggawa ng desisyon sa proseso ng IEP upang maging bahagi ng talakayang ito. Ang suportadong paggawa ng desisyon ay nangangahulugang ang mga taong may kapansanan ay may karapatang gumawa ng sarili nilang mga desisyon kasama ang mga tagasuportang sila mismo ang pumili.
- Isang batas sa California na tinatawag na AB 1663 ang nagbibigay-daan sa mga taong may kapansanan (PWD) na piliin na gumamit o gawing pormal ang ganitong uri ng mga suporta sa paggawa ng desisyon para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng suportadong paggawa ng desisyon o SDM.

Suporta para sa isang mag-aaral na gumagamit ng SDM sa proseso ng transisyon

Ang mga maaaring gawin ng mga sumusuporta:

- Maghanap o gumawa ng mga materyales para sa pagpupulong sa paraang madaling maunawaan ng tao.
- Ipakita ang mga materyales sa anyong madaling ma-access para sa kanya.
- Maglaan ng karagdagang oras upang mapag-usapan at mapag-isipan ang mga pagpipilian.
- Gumampan bilang tagatala ng mga tala at suriin ito kasama ang tagapagpasya sa ibang pagkakataon.
- Tumulong sa pagtatanong at sa pag-unawa ng mga pagpipilian.

Makita https://peatc.org/supported-decision-making/

Partisipasyon ng Mag-aaral sa Transisyon

- Dapat nakatuon ang transisyon sa mag-aaral at sa kanilang kinabukasan. Kaya naman, mahalaga ang partisipasyon ng mag-aaral sa mabisang pagpaplano ng transisyon at paggawa ng desisyon.
- Maaaring isagawa ang pangangalap ng impormasyon tungkol sa mag-aaral sa labas ng pagpupulong ng IEP, sa isang planong nakasentro sa tao, o sa serye ng mga pag-uusap kung mas angkop para sa mag-aaral.
- Maaaring isama sa IEP ang mga layunin at gawain sa mga taon bago ang transisyon, na nakatuon sa paggawa ng desisyon at sariling pagtataguyod, upang makatulong sa paghahanda para sa buhay adulto.

Ano ang ilan sa mga opsyon pagkatapos ng high school para sa mga mag-aaral na nasa transisyon?

Mga Opsyon sa Pamumuhay

May ilang matatanda na nais mamuhay nang mag-isa sa isang apartment o bahay. Bukod sa mga paupahang may market rate, may mga unit na mas mababa ang upa para sa mga indibidwal na mababa ang kita at mga mag-aaral, at mayroon ding mga housing voucher sa ilalim ng Section 8 para sa mga kwalipikado.



Para naman sa mga naghahanap ng pamumuhay kasama ang iba, nakikipag-ugnayan ang mga regional center sa mga Family Home at Community Care Facility (ang ilan ay may espesyalisasyon sa medikal o asal). Mayroon ding mga Intermediate Care Facility para sa mga taong may mas komplikadong kondisyong medikal, na pinopondohan ng MediCal.

Tulong sa Pamumuhay sa Bahay

Maaaring magbigay ang Regional Center ng suporta para sa pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng Supported Living Services (SLS), Coordinated Family Services (CFS), at Independent Living Services (ILS).

Ang mga kwalipikadong tatanggap ng Medi-Cal ay maaaring makatanggap ng In-Home Health Supported Services (IHSS) at ng Home and Community Based Waiver (HCBA) na maaaring magbigay ng katulong sa loob ng tahanan.

Mga Opsyon sa Edukasyon

Maaaring makakuha ng tulong sa pagpopondo ng edukasyon at pagsasanay bokasyonal ang mga kuwalipikadong mag-aaral mula sa Department of Vocational Rehabilitation.

Maaaring nais ng mga magtatapos na mag-aaral na pumasok sa isang apat na taong kolehiyo o unibersidad. (May nakatakdang mga kurso sa high school [A-G] na dapat kumpletuhin ng mga mag-aaral upang maging kuwalipikado para sa pagpasok sa University of California [UC] at California State University [CSU] systems – kaya mahalagang maagang magsimula ang paghahanda.) Kailangang makipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa tanggapan ng serbisyo para sa mga may kapansanan upang humiling ng mga akomodasyon sa ilalim ng Section 504, dahil walang IEP sa kolehiyo.

Maaaring piliin ng mga mag-aaral na pumasok sa isang community college. Ang mga California community college ay maaaring tumugon sa malawak na hanay ng mga layunin ng mag-aaral—mula sa personal na pag-unlad hanggang sa propesyonal na pagsasanay, at mula sa mga associate degree hanggang sa paglilipat sa unibersidad

Karagdagang Opsyon sa Edukasyon

- Pagpasok sa isang kolehiyo na may pinahusay na mga suporta para sa mga mag-aaral na may mga hamon sa pagkatuto.
- Ang paggamit ng panlabas na programa ng suporta sa kolehiyo ay makakatulong sa iba’t ibang usapin gaya ng tutoring, executive functioning, at malayang pamumuhay.
- Nagbibigay-daan sa mas maraming mag-aaral na magkaroon ng karanasan sa buhay kolehiyo habang kumukuha ng pagsasanay upang mapabuti ang mga resulta sa trabaho.

At iba pang mga opsyon sa edukasyon

Maaaring maging interesado rin ang mga mag-aaral sa bokasyonal o teknikal na pagsasanay sa high school at higit pa.
Regional Occupational Centers and Programs (ROCPs). Tumatanggap ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa iba't ibang lugar mula sa mga regular na silid-aralan sa mga high school campus hanggang sa aktuwal na mga negosyo at pasilidad ng industriya.
Mga kooperatibong programa ng Department of Rehabilitation. Ito ay mga kasunduan sa pagitan ng estado at lokal kung saan ang Department of Rehabilitation (DOR) at mga pampublikong katuwang na ahensya ay nagbibigay ng mga serbisyong nakatuon sa bokasyonal upang matulungan ang mga indibidwal na may kapansanan na makakuha at mapanatili ang kompetitibo at pinagsamang trabaho, at mapalaki ang kanilang kakayahang mamuhay nang nakapag-iisa sa kanilang mga komunidad.

DOR (Department of Rehabilitation Services / Kagawaran ng mga Serbisyo sa Rehabilitasyon)

“Ipinamamahala ng DOR ang pinakamalalaking programa sa rehabilitasyong bokasyonal at malayang pamumuhay sa bansa. Ang mga serbisyong bokasyonal na rehabilitasyon ay dinisenyo upang tulungan ang mga naghahanap ng trabaho na may kapansanan na makakuha ng kompetitibong trabaho sa pinagsamang lugar ng trabaho. Ang mga serbisyong malayang pamumuhay ay maaaring kabilang ang suporta mula sa kapwa, pagpapaunlad ng kasanayan, adbokasiya sa mga sistema, referral, mga serbisyong teknolohiyang pantulong, serbisyo sa transisyon, tulong sa pabahay, at mga serbisyong personal na tulong.” (https://www.dor.ca.gov/)

Ang mga serbisyong ito ay magagamit bago ang pagtatapos (sa youth program) pati na rin pagkatapos ng pagtatapos para sa mga kwalipikadong tatanggap.

Mga Pagpipilian sa Trabaho

- Mayroong Supported Employment Program ang DOR na nagbibigay ng mga aktibidad at serbisyo, kabilang ang tuloy-tuloy na suporta, na kinakailangan upang tulungan at mapanatili ang isang indibidwal na may pinakamabigat na kapansanan—kabilang ang mga kabataan—sa isang pinagsamang lugar ng trabaho sa buong panahon ng kanilang trabaho (karaniwang umaabot ng 24 na buwan).

- Maaaring mag-alok din ang Regional Center ng pagbuo ng trabaho, pagsasanay bokasyonal, at suporta sa trabaho para sa mga kuwalipikadong kliyente.

Ilang karagdagang konsiderasyon para sa transisyon…

- Pagkuha ng Pampublikong Benepisyo at Suportang Pinansyal
- Transisyon sa mga Tagapagbigay ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Matanda



Kwalipikasyon para sa mga Benepisyo

- Isang mahalagang isyu sa transisyon para sa ilang mag-aaral ang malaman kung kwalipikado sila para sa SSI (Supplementary Security Income). Ang SSI ay nagbibigay sa mga kwalipikadong taong may kapansanan ng buwanang benepisyo upang matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan sa pagkain, tirahan, at damit.

- Ang pagtanggap ng SSI ay maaaring magbukas ng access sa iba pang benepisyo tulad ng Cal-Fresh na tulong sa pagkain, pabahay para sa mababang kita/Section 8, at iba pang benepisyo (halimbawa, murang internet o diskwentong miyembro sa gym).

Saklaw ng Medical

Maaaring manatili ang mga adulto sa insurance ng kanilang mga magulang hanggang edad na 26, o kumuha ng insurance mula sa kolehiyo o unibersidad na kanilang pinapasukan.
Ang ilang adulto ay maaaring kumuha ng saklaw sa kalusugan mula sa Medi-Cal. Ang Medicaid ay nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan at medikal sa mga kuwalipikadong taong may kapansanan, pati na rin ng access sa ilang serbisyong pang-adulto. Karaniwang nakaugnay ang Medicaid sa pagiging kuwalipikado sa SSI para sa mga adulto.
Kakailanganin din ng mga adulto na makahanap ng mga tagapagbigay ng serbisyong pang-adulto, na maaaring maging isang hamon.

Transisyon Pagkatapos ng Sekondarya

- Isang napakasalimuot na proseso ito para sa karamihan ng mga kabataan at kanilang pamilya.
- Depende sa mga pangangailangan at interes ng PWD, may mga serbisyong at programang magagamit.
- Ang pagpaplano ng transisyon—na maaaring magbigay sa PWD at sa kanilang pamilya ng sapat na espasyo at impormasyon upang maisakatuparan ang lahat ng ito—ang pinakaepektibong paraan upang simulan ang susunod na yugto ng buhay.

MGA TANONG?

California State Council on Developmental Disabilities

Ang trabahong ito ay nagiging posible sa pamamagitan ng isang grant mula sa SCDD at SDM-TAP.